



**Aplikasyon para sa Balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
 para sa mga Botanteng Hindi-Mamamayan**

MAHALAGANG ABISO PARA SA MGA HINDI MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS

Posibleng makuha ng Immigration and Customs Enforcement (Tagapagpatupad ng Batas ukol sa Imigrasyon at Adwana, ICE) at iba pang ahensiya, organisasyon, at indibidwal ang anumang impormasyong ibibigay ninyo sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) kasama na ang inyong pangalan at address. Bukod rito, kapag nag-aplay kayo para sa naturalisasyon o pagka-mamamayan, tatanungin kayo kung nakapagrehistro o nakaboto na kayo sa pederal, pang-estado o lokal na eleksyon sa Estados Unidos. Baka gusto ninyong kumonsulta sa abugado sa imigrasyon, organisasyong nagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng migrante, o iba pang mapagkukunan ng kaalaman bago kayo magbigay ng anumang personal na impormasyon sa Department of Elections at bago kayo magparehistro para bumoto sa Eleksiyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco. Makikita rin ninyo ang listahan ng mga organisasyong nonprofit na may espesyalisasyon sa pagprotekta sa mga karapatan ng migrante sa sfelections.org.

Kailangang matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang aplikasyong ito nang hindi lalampas ng **5 p.m. sa Martes, Oktubre 30**. Dalhin nang personal, ipadala sa koreo, o i-fax ang kinumpleto at pinirmahang aplikasyon sa address o numero ng fax na nakalista sa ibaba. Maaari rin ninyo itong i-scan at i-email bilang attachment sa SFVote@sfgov.org.

1. Isulat ng malinaw at hiwa-hiwalay, at sa Ingles:

Kung lumipat kayo ng tirahan sa San Francisco o nagpalit ng inyong address na pangkoreo simula noong nagparehistro kayo para bumoto, ia-update ng Departamento ang rekord ng inyong rehistrasyon ayon sa impormasyong ibibigay ninyo sa ibaba.

Apelyido _____ Pangalan _____ M.I. _____ Kapanganakan: MM / DD / YYYY


_____ San Francisco, CA _____

Address ng Tirahan sa San Francisco kung saan kayo kasalukuyang nakatira; hindi maaari ang PO Box, hulugan ng sulat, o negosyo _____ ZIP Code

Address Pangkoreo kung saan ninyo gustong maipadala ang inyong balota; kung iiwan ninyo itong blangko, ipadadala ang inyong balota sa address ng inyong tirahan

2. Pumirma at Lagyan ng Petsa:

Hindi pa ako nag-apply para sa balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo mula sa anumang iba pang hurisdiksiyon para sa eleksiyong ito. Pinatutunayan ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag sa ilalim ng mga batas ng estado ng California na ang impormasyong ibinigay ko sa aplikasyong ito ay totoo at tama. Babala: Ang pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag ay isang peloni, na may parusang pagkabilanggo sa kulungan ng estado nang hanggang apat na taon. (Penal Code § 126)

Pumirma Dito  _____ Petsa _____

Kung wala kayong kakayahang pumirma, magmarka o maglagay ng "X", at papirmahin ang isang saksing nasa 18 pataas ang edad, sa tabi ng inyong marka.

